



12 armas, nasamsam ng BHB

PITONG ARMAS ANG nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bulacan sa inilunsad nitong reyd laban sa armadong mga gwardya ng Monte Grande Development Corporation (MGDC) noong Hunyo 13, alas-11 ng umaga sa Barangay Ciudad Real, San Jose Del Monte City, Bulacan. Kabilang sa nasamsam ang limang matataas na kalib-reng baril, dalawang .9mm pistola at mga bala. Umabot ng isang oras ang reyd.

Ang MGDC ay pagmamay-ari ng malaking burgesya kumprador na si Lucio Tan. Notoryus ang kanyang kumpanya sa pang-aagaw ng 77 ektaryang sakahan sa lugar. Gamit ang mga armadong tauhan ng MGDC, pinalalayas ni Tan ang mga magsasaka.

Ayon kay Ka Jose del Pilar, tagapagsalita ng BHB-Bulacan, ang reyd ay aksyong pamamaru-

...sundan sa pahina 3

EDITORIAL

Biguin ang pasistang pakana ni Duterte sa pagkansela ng pag-uusap

Walang-pakundangang ginutay-gutay ni Rodrigo Duterte ang kasunduan para sana muling buksan sa Hunyo 28 ang pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Ibinasura din niya ang nilagdaang kasunduan para sa "stand down" o pansamantalang paghinto ng mga opensibang aksyon isang linggo bago ang pag-uusap.

Pawang boladas ang pinalalabas ni Duterte na "hindi pa ako handa" at na kailangan pa diumanong "konsultahin ang publiko." Napakabababaw na gawa-gawang pagdadahilan! Lalo pa ngayong sinasagkaan ni Duterte ang usapang pangkapayapaan sa paggugumiit niyang isagawa ang pag-uusap sa Pilipinas, taliwas sa itinakdang alituntunin ng The Hague Joint Declaration. Kung ipipilit ito ni Duterte, wala itong kahulugan kundi ang pagtatapos ng usapang pangkapayapaan.

Inilantad ni Duterte ang kanyang ganap na kawalan ng interes na seryosong makipag-usap sa NDFP para talakayin at lutasin ang mga usaping nasa ugat ng gera sibil sa Pilipinas. Sinasagasaan ni Duterte ang mahigpit na kahilingan ng mamamayang Pilipino para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, tunay na demokrasya at pagwawakas sa kontrol at panghihimasok ng imperyalismong US sa bayan at gubyerno.

Sa halip na kausapin ang NDFP,

nais ni Duterte na paigtingin ng AFP ang gera laban sa NDFP, sa Partido at Bagong Hukbong Bayan at gamitin ito para bigyang-matwid ang pagpataw ng batas militar sa buong bansa at pagtatatag ng inaambisyon niyang pasistang diktadura.

Sa pagkansela ng pag-uusap, nais ni Duterte na alisin ang lahat ng sagabal sa kampanya ng malalaking opensiba na AFP sa ilalim ng gerang Oplan Kapayapaan at batas militar sa Mindanao. Imbing layunin ni Duterte na durugin o kalahatiin ang pwersa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) gamit ang buong-lakas militar ng AFP bago magtapos ang 2018, sa hibang na pag-aakalang mapupwersa ang NDFP na makipag-negosasyon para sumuko sa GRP.

Binubuhusan ni Duterte ng pondo ang AFP at pulis para tuparin ngayong taon ang planong magdagdag ng 15,000 tropa na sinimulan noong 2017. Halos isandaang batalyon ang ginagamit ngayon ni Duterte para saklutin ang malalawak na lugar sa kanayunan at kabundukan, kabilang ang mga erya ng Bangsa-moro sa Mindanao, kubkubin, du-

mugin at sakupin ang mga baryong pinaghihinalaang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan, pwersahin ang mga tao na "sumurender" bilang diumano'y mga kasapi ng BHB, ihiwalay ang BHB sa baseng masa nito at maglunsad ng maigting na mga operasyong pangkombat sa kabundukan. Pokus ng malalaking operasyon ng kaaway ang malalawak na lupaing tinatarget ni Duterte na gawing plantasyon at mga mina para kontrolin ng malalaking kapitalista.

Sa maraming lugar, ginagamit ng AFP ang mga teroristang taktikang ala-Marawi ng paghuhulog ng bomba at panganganyon laban sa mga sibilyang komunidad para manindak at pasunurin sa takot ang mga tao. Malupit ang pagsupil sa paglaban ng mamamayan. Walang habas ang mga estilong-Tokhang na pamamaslang na tumatarget sa mga lider magsasaka at lider katutubo.

Sa kalunsuran, lalong lumulupit ang panunupil sa papalakas na paglaban ng mamamayan sa harap ng krisis at pasismo ng rehimeng Duterte. Pangunahing tinatarget ng

paniniktik at pang-aaresto ang masang anakpawis, laluna ang mga manggagawa at maralita. Nakaamba ang malawakang paghihigpit sa paggamit ni Duterte ng kapangyarihang awtokratiko bilang paghahanda sa pagpataw ng batas militar.

Dapat ubos-kayang labanan ang pasismo, tiraniya at mga pag-atake ni Duterte laban sa mamamayan sa kalunsuran at kanayunan.

Sa kanayunan, dapat harapin, ubos-kayang labanan, at biguin ang planong papatindi pang mga opensibang militar ng AFP laban sa BHB at laban sa malawak na masang nakikibaka.

Dapat isulong ng BHB ang malaganap at maigting na pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Dapat matamang pag-aralan, tukuyin at samantalahin ang maraming kahinaan ng mga nag-ooperasyong tropa ng kaaway. Bulnerabilidad ng AFP sa aspetong militar ang labis na pagkabatak ng pwersa dahil sa paghahabol na sabay-sabay na pakatan ang napakalawak na erya. Sa pulitika, bulnerabilidad ng AFP ang lubhang pagkahiwalay sa masa at pagkamuhi sa kanila dahil sa pasistang pang-aabuso at pagsalig sa paninindak at pamimilit sa pagrerekrut ng mga espiya, "pagpapasurender" at pagpapasunod sa mga sibilyan.

Ang opensibang militar ng AFP sa kanayunan ay dapat salubungin ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa buong bansa. Padagundungin ang solidong mga tagumpay ng BHB sa iba't ibang panig ng bansa. Ikombina ito sa malaganap na mga atritibong aksyong militar ng BHB para hadlangan ang taktika ng pandudumog ng kaaway. Dapat panghawakan ng kinauukulang mga kumand ng BHB sa iba't ibang antas ang lawak at lakas ng pwersa ng BHB sa kanyang saklaw para sa koordinasyon at tulungan ng mga ito.

Mabilis na naghihilom ang ilang sugat sa katawan ng BHB na dinanas nitong nakaraang anim na buwan at napangibabawan ang ilang kahinaan



Tomo XLIX Blg. 12 | Hunyo 21, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

[instagram.com/sine.proletaryo](https://www.instagram.com/sine.proletaryo)

@prwc_info

[fb.com/groups/cppinformationbureau](https://www.facebook.com/groups/cppinformationbureau)

cppinformationbureau@gmail.com

Nilalaman

Editoryal: Biguin ang pasistang pakana ni Duterte sa pagkansela ng pag-uusap	1
12 armas, nasamsam ng BHB	1
Usapan, muling kinansela ni Duterte	3
Pagkubkob at pagsalakay ng militar	4
Ang pangayaw nina Datu Guibang	5
Pananalasa ng pasismo ni Duterte	6
Dalawang piket, binuwag	7
Protestang manggagawa, nagpapatuloy	8
Tagumpay laban sa Jalaur Megadam	8
Proyekto sa CGC, kontra-mamamayan	9
Konstitusyon ng PKP at PPDR, inilabas	11
Pagpupulong ng US-DPRK	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

sa pamamagitan ng pag-angkop sa operasyong pandudumog, malawakang "civil-military operations" at iba pang mga taktika ng kaaway. Ginagamit ng BHB ang mga taktika at teknikang gerilya, mabilis na kumikilos habang ang kaaway ay pinananatiling bulag at bingi, pinaiikut-ikutan ng mga yunit gerilya at pinasusuntok sa hangin.

Ang husay sa pakikidigmang gerilya ay nakasalalay sa lalim at lawak ng suporta at paglahok ng masa sa digmang bayan. Patuloy na pukawin at malawakang pakilusin ang masang magsasaka at mga minoryang mamamayan sa pagsusulong ng kanilang mga pakikibakang antipyudal at para sa pagtanggol ng kanilang lupaing ninuno.

Sa kalunsuran, matatag na sumusulong ang mga demokrati-kong pakikibaka ng masang anakpawis, mga kabataang estudyante at iba't ibang demokratikong sektor at uri. Dapat ibayong pahigpitin ang pagkakaisa ng sambayanang Pilipino at palawakin at patatagin ang nagkakaisang prente laban sa pasismo, tiraniya at iskemang diktadura ni Duterte. Dapat puspusing pukawin at pakilusin ang lahat ng pwersang demokrati-ko sa buong bansa para mapatalsik ang pasista, papet, bulok at kriminal na rehimen ni Duterte. AB

Usapan, muling kinansela ni Duterte

Sa pangatlong pagkakataon, muling kinansela ni Rodrigo Duterte ng GRP ang pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) noong Hunyo 14. Ito ay matapos ng apat na serye ng impormal na mga pagpupulong sa pagitan ng mga *panel* ng magkabilang panig. Ito ay sa kabila rin ng pagpirma ng dalawang *panel* sa tatlong kasunduan na naglayong magpabilis sa negosasyon. Matapos ang kanselasyon, isinapubliko ng NDFP ang sumusunod na kasunduan: (1) panuntunan at mga hakbang sa pagbubuo ng pansamantalang kasunduang pangkapayapaan at muling pagbubukas ng pormal na usapan; (2) kasunduan para sa *stand down* (pagtigil ng putukan); at (3) iskedyul para sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan.

Walang pasubali namang tinuligsa ng Partido Komunista ng Pilipinas ang maka-isang panig na pagkansela ni Duterte sa usapan. Tinawag din ni Jose Maria Sison, punong konsultant ng NDFP na kalokohan ang pagdadahilan ni Duterte na gusto niyang konsultahin muna ang publiko kaugnay sa mga kasunduan.

Ayon sa PKP, ang muling pagkansela sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan ay upang magbigay-daan sa militar na patindihin ang mga atakeng opensiba sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga larangang gerilya sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Paliwanag ng PKP, plano ng rehimen Duterte na bigyan ng higit na panahon ang AFP upang kumpletuhin ang kampanyang militar

nito para sa 2018 sa pamamagitan ng paglulunsad ng mas matinding mga opensibang militar sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, sa pag-asang ganap na nitong malulumpo ang BHB at sapilitang mapasusuko ang mga rebolusyunaryong pwersa sa loob ng tatlo hanggang anim na buwan.

Tanda nito ang pakikipagpu-long ni Duterte sa mga upisyal ng AFP upang alamin ang estado ng Oplan Kapayapaan, ayon sa PKP.

Sa katunayan, nagsisimula na ang AFP na maglunsad ng malaking opensiba sa buong bansa, at nagpapalawak din ng hanay sa pamamagitan ng pagrekluta sa dagdag na 5,000 sundalo nitong nagdaang panahon at target na pagdagdag pa ng 10,000 sundalo bago matapos ang taon. AB

"12 armas...", mula sa pahina 1

sa ng BHB kay Tan bilang pagbibigay katarungan sa pagsasamantala ng MGDC sa mga magsasaka at residente.


Negros Oriental. Matagumpay na nireyd ng BHB-Negros Oriental ang bahay ni Mike Jacosalem noong Hunyo 12, alas 4:30 ng umaga sa Barangay Humay-humay, Guihulngan City. Isang notoryus na *druglord* sa Negros Oriental at Cebu si Jacosalem.

Namatay kinalaunan sa ospital si Jacosalem habang isang tauhan niya ang namatay sa labanan. Na-

samsam sa naturang reyde ang apat na kalibre .45 na pistola, isang Browning *shotgun*, walong *handset radio*, mga magasin at bala.

Nang araw ding iyon bandang alas-7 ng gabi, magkasabay na hinaras ng mga yunit ng BHB-Negros ang dalawang detasment ng CAFGU sa Barangay Imelda, Guihulngan at Barangay Guba, Vallehermoso. Kasabay nito ang tatlo pang magkakahiwalay na aksyong militar ng BHB sa Guihul-

ngan, Magallon at La Castellana, Negros Occidental. AB



Pagkubkob at pagsalakay ng militar sa mga sibilyang komunidad

Patuloy na naghahasik ng teror ang mga armadong galamay ni Duterte sa buong bansa. Gamit ang estilong dumog, bata-batalyong tropa ang idineploy ng Armed Forces of the Philippines sa mga target na komunidad at eryang pagtatayuan ng mga proyektong maka-dayuhan upang supilin ang mamamayan at palayasin sila sa kanilang mga sakahan at lupang ninuno. Pinakalaganap ito sa Mindanao, kung saan 75% ng batalyong pangkombat ng Philippine Army ang nakadeploy.

Sa inisyal na datos ng *Ang Bayan*, walong batalyon ng AFP ang nakadeploy sa Caraga, anim ang nakapokus sa Marawi at tatlo sa tatlo ring barangay ng Talaingod, Davao del Norte. Sa Maguindanao, Cotabato, Lanao del Sur at kabuuan ng Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM), aabot sa 27 batalyon ang nakapokus sa mga komunidad ng Moro.

Labas sa Mindanao, okupado ang maraming barangay sa Quezon sa Southern Tagalog. Buhos ang mga pwersang militar at pulis sa isla ng Boracay matapos isara ito sa publiko para bigyan-daan ang konstruksyon ng mga *casino*, *hotel* at iba pang panturistang imprastruktura ng mga pinaborang dayuhang negosyante ni Duterte.

Sa kalunsuran, karahasan din ang sagot ni Duterte sa mga manggagawang nakawelga at maralitang-lunsod na naggigiit sa kanilang karapatan sa murang pagbabay.

Atake sa Talaingod

Kasalukuyang ginagamit ng AFP ang estilong Marawi upang sapilitang mapalayas ang mga magsasaka at Lumad. Sa maliit na bayan ng Talaingod, Davao del Norte, na may halos 30,000 na populasyon lamang, nagbuhos ng tatlong batalyon ng AFP—56th IB, 72nd IB at 88th IB kabilang pa ang mga paramilitar na Alamara. Daan-daan na ang biktima ng paglabag sa karapatang tao, kabilang ang pagkampo sa mga eskwelahang Lumad at pagpigil sa pagbubukas ng mga ito. Dahil sa pagkontrol sa kilos ng mga residente,

lubhang apektado ang kabuhayan at pamumuhay ng mga komunidad.

Dinarahas at tinatakot din ang mga lider at residente at pilit silang pinasusuko bilang mga myembro ng BHB. Tampok dito ang sapilitang pagpapasurender sa lider Lumad na si Datu Guibang Apoga na mahina na at may malubhang karamdaman. Tuso siyang iniharap sa publiko upang palabasing sumuko na.

Mariing kinundena ng mga datu ng Salupungan Ta 'Tanu Igkanugon ang naganap na asembliyang ipinatawag ng mga sundalo sa Sityo Nasilaban, Barangay Palma Gil. Anila, mismo sa pahayag ni Apoga sa asembliya, nanawagan siyang ipagpatuloy at protektahan ang mga paaralang Lumad. Nagpuna rin siya sa kanyang limitasyon bilang lider ng kanilang tribu dahil na rin sa kanyang karamdaman. Anang mga datu, walang anumang nabanggit si Apoga sa kanyang maiksing talumpati na kanya nang isinusuko ang kanilang pakikibaka.

Malawakang pambobomba sa Maguindanao


Matapos maaprubahan ang

Bangsamoro Basic Law (BBL) sa Senado at Kongreso, naglunsad ng *clearing operations* sa pamamagitan ng *airstrike* at operasyong kombat sa mga bayan ng Maguindanao at Cotabato para palayasin ang mga residente sa loob at paligid ng Liguasan Marsh.

Noong Hunyo 10, nagpakawala ng opensiba ang AFP Joint Task Force Central sa bahaging timog ng Liguasan Marsh. Sakop nito ang mga bayan ng Pagalungan, Gen. Salipada K. Pendatun, Datu Montawal at Rajah Buayan, at umabot na hanggang sa ilang komunidad sa Pikit, North Cotabato. Umabot na sa 30,000 ang lumikas. Naganap ang mga atake sa panahon ng Eid'l Fitr, ang pagtatapos ng Ramadan. Hinahawan ng mga opensibang ito ang daan para sa mga dayuhang kapitalista at lokal na mga kasosyong burgesyang kumprador ng rehimen upang malaya nilang dambungin ang yaman ng Liguasan Marsh.

Sapilitang pagpapalayas sa Lanao del Sur

Sa tabing ng pagtugis sa natitira umanong mga kasapi ng grupong Maute, buong bangis na nagpaulan ng bala at bomba ang tropa ng Joint Task Force Ranao noong Hunyo 14-17 sa mga bayan ng Tubaran, Pagayawan at Binidayan sa Lanao del Sur. Nagdulot ito ng malawakang



paglikas ng may 11,000 indibidwal. May ilang pamilya pa rin sa barangay Padas at Diampaca sa bayan ng Pagayawan ang naipit sa pam-bobomba dahil pinipigilan ng militar ang kanilang paglikas.

Pinalalabas ng AFP na umabot na umano ang grupong Maute-ISIS sa hangganan ng Tubaran at Pagayawan at diumano'y nagkaroon ng engkwentro sa pagitan nila. Pilit nitong pinagtatakpan ang tunay nilang layon na pahigpitan ang kontrol sa Lake Lanao at gawing mas malaya pa ang dayuhang negosyo na kopohin ang yaman ng rehiyon.

Matapos ang pagkubkob sa Marawi, sunod na inatake ng AFP ang mga komunidad na nasa gawing timog ng Lake Lanao. Ang lawang ito ang pangunahing pinagmumulan ng kuryente sa Mindanao sa pamamagitan ng Agus Hydro-Electric Power Plant Complex. Taong 2017 inialok ang mga plantang pangenerhiya sa mamumuhunang Chinese na magbibigay diumano ng P20.35 bilyon para sa "rehabilitasyon" nito.

Militarisasyon sa Quezon

Sa Barangay Umiray, General Nakar at mga baybay-dagat nito, masinsin ang operasyong kombat ng 80th IB mula pa noong Enero. Pinakatan ang bawat sityo ng tig-iisang platoon ng sundalo. Nilililang at tinatakot ang mga residente, pangunahin ang mga katutubong Dumagat at Remontados. Isa sa mga sityo ng Umiray, ang Sityo Dadiangao, ay lubusan nang nilisan ng mga residente.

Militarisado rin ang 18 barangay sa tatlong bayan ng South Quezon-Bondoc Peninsula upang pahupain ang pakikibakang magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa at laban sa mababang presyo ng kopra.

Target ang South Quezon ng malawakang pagpapalit gamit ng lupa upang bigyang daan ang mga planta sa enerhiya, mega dam at mga pantalan. Habang may 475

manggagawang bukid ng Hacienda Uy, San Andres, South Quezon ang kasalukuyang dumaranas ng matinding gutom mula nang pagbawalan sila ng panginoong maylupa at kanyang mga bayarang maton na magsaka sa loob ng apat na taon. Plano ring itayo sa General Nakar ang Pacific Coast City Project, proyektong reklamasyon na tatawid mula Marikina, Maynila hanggang Infanta, Quezon at ang New Centennial Dam Project.

Panlililang sa Boracay

Sa ngalan ng rehabilitasyon ng isla ng Boracay, nagbuhos si Duterte ng hindi bababa sa 700 elemento ng PNP at AFP upang diumano'y tiyakin ang seguridad sa isla. Noong Abril 24, dalawang araw bago ang nakatakdang pagsasara, naglunsad ang Joint Task Force Boracay ng pagsasanay sa pagharap sa mga protesta,

atakeng terorista at pangho-hostage. Kasabay nito, pinagbabawalan ding makapasok ang midya at hahanapan ng identipikasyon ang mga naninirahan dito. Mistulang batas militar ang ipinatutupad ngayon ng rehimen sa Boracay.

Sa loob ng anim na buwan ng pagsasara ng Boracay, hindi bababa sa 36,000 manggagawa ang mawawalan ng trabaho kabilang na ang libu-libong residenteng umaasa sa turismo ng isla upang mabuhay. Kaliwa't kanan din ang demolisyon sa kabahayan.

Ipinagmalaki naman ni Duterte ang plano niyang "ipamahagi" sa mga katutubong Ati ang kanilang lupang ninuno, pero para lamang magkaroon ito ng titulo at gayo'y mapadali ang ligal na pang-agaw dito ng malalaking negosyo. Inasahang dalawang *casino* ang itatayo sa isla. AB

Ang pangayaw sa Talaingod

NOONG 1993, nagtipon ang 25 Lumad na datu mula sa Talaingod upang buuin ang Salupungan Ta 'Tanu Igkanugon (Pagkakaisa sa Pagdepensa sa Lupang Ninuno) para labanan ang pagkamkam ng ALSONS sa 19,000 ektaryang bahagi ng lupang ninuno na magpapalayas sa 40 komunidad. Hinirang nila si Datu Guibang Apoga upang mamuno sa Salupungan.

Nakuha nila ang suporta ng mga organisasyong nakikiisa sa pakikibaka ng mga Lumad, at naitulak ang ALSONS na pumirma sa isang kasunduang nagtatakda ng hangganan sa operasyon ng kumpanya at ng lupang ninuno ng mga Ata-Manobo.

Hindi sinunod ng ALSONS ang kasunduan at sa halip ay nanghimasok sa lupang ninuno, nagbuo ng armadong gwardya at nang-udyok sa ibang Lumad na labanan ang kanilang kapwa. Nilason ang mga pananim, binuldoser ang libingan ng mga komunidad at nilapastangan ang pagkatao ng mga Lumad. Kasabay nito'y nagpwesto ang AFP ng dagdag na mga detatsment sa loob mismo ng lupang ninuno.

Matapos ang anihan noong Oktubre 1995 ay nagdeklara sina Datu Guibang ng *pangayaw* (*tribal war*) laban sa ALSONS. Gamit ang mga tradisyunal na sandata, aabot sa 400 bagani (mga mandirigmang Lumad) ang naghati sa tatlong pangkat—sa Duryan, Nasilaban at Tambuko—at tinambangan ang mga sundalo at gwardya ng ALSONS.

Sa itinakdang mga lugar ng *pangayaw*, tahimik na umulan ng mga pana at bangkaw (sibat). Dahil dito, hindi agad nakaganti ang mga sundalo ng 64th IB at mga gwardya ng ALSONS na nagtamo ng pitong patay at apat na sugatan. Ligtas na nakaatras ang mga bagani.

Magmula noon, natigil ang operasyon ng ALSONS at iniatras ng 64th IB at ng mga gwardya ang kanilang mga kampo mula sa lupang ninuno ng mga Ata-Manobo sa Talaingod. AB

Pananalasa ng pasismo ni Duterte

Matitinding atake ang pinakawalan ng rehimen ni Rodrigo Duterte nitong nagdaang dalawang linggo laban sa mga aktibista at karaniwang sibilyan. Matingkad sa mga ito ang pagpaslang sa tatlong magsasaka sa loob ng isang araw, pandarahas sa mga manggagawa, militarisasyon at panggigipit sa mga komunidad. Mahigit 30,000 residente ang napilitang iwan ang kanilang mga komunidad dulot ng todo-gera ni Duterte na bumibiktima ng mga sibilyan.

Pamamaslang. Tatlong magsasaka ang pinaslang noong Hunyo 6 sa magkakahiwalay na insidente.

Sa Compostela Valley, binaril at pinatay ng mga tauhan ng 46th IB si Lando Perdicos habang nagpapahinga sa balkon ng kanilang bahay sa Barangay Cabuyo-an, Mabini. Ayon sa asawa ng biktima, nasa loob siya ng bahay kasama ang kanilang dalawang anak nang makarinig sila ng sunud-sunod na putok. Patay na at duguan si Perdicos nang puntahan ng kanyang asawa.

Myembro si Perdicos ng Hugpong sa Mag-uuma sa Mabini-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (Humabin-KMP). Aktibo siya sa mga pagkilos laban sa militarisasyon at pagsuporta sa mga kapwa magsasaka na nagsagawa ng pagbawi ng lupang kinamkam ng Lapanday Foods Corporation sa Tagum City.

Noong araw ding iyon, iniulat ng Humabin-KMP ang pagpaslang sa isa pa nitong miyembro sa Montevista. Kinilala ang biktima na si Jovie Jose.

Sa Agusan del Norte, binaril at pinatay naman si Jose Unahan bandang alas-otso ng gabi sa Sityo Tagbakon, Barangay Culit, Nasipit. Si Unahan, isang Lumad na Higaonon, ay aktibong myembro ng Mag-uuma sa Agusan del Norte-KMP. Kalahok siya sa pagtatanggol ng kanilang lupang ninuno laban sa pagpasok ng malawakang pagmimina at iba pang mapaminsalang industriya.

Noon namang Hunyo 10, bandang alas-5:20 ng hapon sa Davao Oriental, pinatay ng mga ahente ng 67th IB si Nestor Dagatan Sacote, 29, residente ng Purok San Vicente Lambajon, Baganga.

Pauwi ng Baganga si Sacote sakay ng kanyang motorsiklo nang inu-

nahan at hinarang siya ng dalawang lalaking naka-motorsiklo. Bumaba ang isa sa mga salarin at pinagbaril si Sacote na agad niyang ikinamatay. Aktibo siyang myembro ng Alyansa sa mga Mag-uuma sa Sidlakang Davao. Bago pinaslang, matapang na binatikos ni Sacote ang tumitinding militarisasyon sa maraming komunidad ng mga Lumad at magsasaka sa kanilang lugar.

Sa North Cotabato, namatay ang tatlong residente, kabilang ang isang menor de edad, habang dalawa ang sugatan nang pagbabarilin ng mga nag-ooperasyong tropa ng 34th IB ang mga kabahayan sa Sityo Makantal, Barangay Olandang, Midsayap, alas-3:40 ng madaling araw. Kinilala ang mga biktima na sina Pinindiya Tumagantang, 68, migranteng manggagawa na si Aida Datumama at estudyanteng si Norman Zainal Mangakop. Matapos ang insidente, ninakaw ng mga sundalo ang naipong pera ni Datumama.

Noong Hunyo 16, namatay si Naano Mangintas, buntis nang limang buwan, habang nasa kanyang sakahan sa Lower Idtig, General Salipada K. Pendatun, Maguindanao dahil sa pambobomba. Sugatan din sa naturang insidente ang isang bata na kasama ni Mangintas. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 4.)*

Sa Nueva Ecija, binaril ng dalawang di-kilalang lalaki si Fr. Richmond Nilo, pari ng Saint Vincent Ferrer Parish sa Zaragoza noong Hunyo 10, bandang alas-5 ng hapon. Pinatay si Fr. Nilo sa harap ng kanyang mga parokyano habang naghahanda para magmisa. Umani ng pagkumenda mula sa iba't ibang grupo ang kanyang pagkamatay, kabilang ang Catholic Bishops'

Conference of the Philippines, Holy Angel University (HAU) sa Pampanga, Diocese of Cabanatuan, at San Carlos Seminary, kung saan nagtapos si Nilo.

Ayon sa Karapatan, kabilang ang pagpaslang kay Nilo sa mga patunay ng umiiral na kawalang pananagutan sa bansa, kung saan ginawang normal mismo ng guberno ang mga pagpatay, at bihirang maparusahan ang mga salarin. Si Fr. Nilo ay masugid na kritiko ni Duterte, ayon sa HAU.

Noong Hunyo 8, limang residente ang minasaker sa Barangay Nabongsoran, Aroroy, Masbate. Pinagbabaril sina Ariel Madrilejos, John Paul Cristobal at Dijie Cabarles, habang namatay kalaunan sa ospital sina Jeo Cabarles at Ricky Alejo. Sugatan din sa insidente ang tanod na si Jury Cabarles. Suspek sa pamamamanslang ang mga myembro ng CAFGU na nakadestino sa Barangay Cabangalan, Aroroy at hawak ng 2nd IB.

Militarisasyon. Inokupa ng mga sundalo ng 1st IB sakay ng tatlong trak ng militar ang kampuhan ng mga magsasaka sa Sityo Balacbacan, Barangay Laiya Aplaya, San Juan, Batangas noong hatinggabi ng Hunyo 4. Winasak ng militar ang bakod ng kampuhan at ipinasok ang kanilang mga trak sa lupang taniman ng mga residente. Noong Hunyo 9, mismong sa tabi ng kusina ng kampuhan nagtangkang magtayo ng istruktura ang mga sundalo para sa kanilang himpilan. Dumating din ang mga elemento ng PNP.

Matagal nang ipinagtanggol ng mga residente sa lugar, na nagorganisa sa ilalim ng Habagat-Laiya, ang kanilang mga sakahan na inaagaw ni Federico Campos III.

Sa Hindang, Leyte, mula pa noong Marso ay militarizado na rin ang Barangay Mahilom. Okupado ng may 80 sundalo ng 78th IB sa pamumuno ni Capt. Bard Caesar P. Mazo ang mga bahay malapit sa *barangay hall* at nanggigipit sa mga

residente. Pinagbabawalan silang magpalipas ng gabi sa mga sakahan kahit limang oras na lakad ang layo nito, sinusubaybayan ang galaw sa pamamagitan ng pagpapa-*logbook*, nagpapataw ng *curfew* at kumokontrol sa dami ng bigas na bibilhin. Pinararatangan ding tagasuporta ng BHB ang sinumang tatangi sa kanilang pananatili sa baryo.

Sa Quezon, militarizado ang 18 barangay sa South Quezon-Bondoc Peninsula simula ikalawang linggo ng Hunyo. Tatlong barangay ang okupado ng 85th IB at iba pang tropa ng 2nd ID sa General Luna, anim sa Macalelon at siyam sa Lopez.

Iniulat din ng mga residente ng Km 9 Semowao, Diatagon, Lianga, Surigao del Sur na noong umaga ng Hunyo 14, nagising na lamang silang aabot ng isandaang sundalo ang nag-ooperasyon sa kanilang komunidad.

Sa Batangas, kinumpronta ng mga magsasaka ng Barangay Coral ni Lopez, Calaca ang isang yunit ng pinagsamang pwersa ng PNP, Air Force at Philippine Army na nagkampo sa kanilang komunidad magmula Hunyo 17. Nagdulot ito ng takot at pangamba sa mga residente. Anila, banta sa kanila ang pagpakat ng mga elemento ng pulis at sundalo.

Pagpapalikas. Sa Kitcharao, Agusan del Norte, napilitang lumikas ang 72 pamilyang Lumad na Mamanwa at 50 pamilyang magsasaka sa Sityo Zapanta Valley, Barangay Bangayan. Aabot sa mahigit 500 ang kabuuang bilang ng mga residenteng napalayas sa kanilang mga bahay dahil sa pag-okupa ng 29th IB sa kanilang komunidad. Patuloy silang binantayan ng mga sundalo kahit nakatigil na sila sa *barangay hall*. Walang pinalalapit sa mga bakwit, at hindi pinayagan noong Hunyo 14 ang mga taong simbahan na magbigay ng *relief goods*.

Noong Hunyo 17, hinakot ng mga sundalo ang mga bakwit patungo sa Little Baguio, Barangay San Roque sa dahilan na bibigyan sila ng

pagkain. Pagdating sa lugar, idineklara sila sa publiko bilang mga sumu-render na BHB. Isang buong araw silang idinetine ng mga sundalo.

Panggigipit. Sa Capiz, pitong magsasaka ang tinakot at ginipit ng mga sundalo ng 61st IB na pinamumunuan ni Lt. Col. Sisenando Magbalot Jr. noong Hunyo 9 sa Sityo Sap-ong Tigpaka Daku, Barangay San Antonio, Cuartero.

Patungo sa kanyang kubo si Carlito delos Santos at apat niyang kababaryo nang madatnang hinalughog at ikinalat na ng mga sundalo ang kanyang mga kagamitan. Pinaratangan siya ng militar na nag-iingat ng mga bakpak at bomba ng BHB, at pinwersang sumu-render. Pinilit isama ng mga sundalo si delos Santos ngunit pinigilan sila ng kanyang mga kababaryo. Apat na oras na hawak ng mga sundalo sina delos Santos. Matapos ang insidente, dalawa pang residente na sina JC at JR delos Santos ang sinakal at tinutukan ng mga sundalo at pinagbintangang mga kasabwat umano ni Carlito.

Sa Bohol, sunud-sunod ang panunupil ng rehimen sa mga organisasyon ng magsasaka. Noong Hunyo 13, bandang ala-1:40 ng hapon, pinagbabaril ng mga ahente ng estado ang *training center* ng La Swerte Farmers Association (LASFA) sa Barangay La Swerte, Pilar. Nasa loob ng panahong iyon ang presidente ng LASFA na si Saniel Pilegro at kanyang dalawang menor de edad na anak. Matapos ang pamamakil ay hinalughog ng mga armadong lalaki ang mga kagamitan sa loob. Kinabukasan sa bayan ng Mabini, kasabay ng operasyon ng PNP Regional Mobile Group sa Barangay San Jose, nagpakalat naman ang mga pulis ng mga polyeto na naglalaman ng itim na propaganda laban sa Nagkahiusang Mag-uuma sa San Jose at Humabol-KMP.

Sinalubong din ng panggigipit ng mga sundalo ng 47th IB ang *fact-finding mission* (FFM) na pinangunahan ng Karapatan Central Vi-sayas noong Hunyo 6 sa Barangay

Campagao, Bilar. Layunin ng FFM na isadokumento ang mga paglabag sa karapatang-tao ng mga residente matapos ang labanan sa pagitan ng BHB at AFP noong Mayo 15.

Pagpasok pa lang sa barangay ay hinarang na ng mga sundalo at pulis ang grupo. Ipinagpilitan ng mga sundalo na sumabay sa pag-iikot sa kabahayan, at nang tumanggi ang grupo, ay sinundan sila sa pagbabahay-bahay. Kasama rin ng mga sundalo ang mga tauhan ng pamprubinsyang gubyerno.

Noon namang Hunyo 12, habang isinasagawa ang Hindipendence Day protest sa Cebu City, nagpakalat ng mga polyeto ang militar na naglalaman ng itim na propaganda laban sa mga progresibong organisasyon. Ang mga myembro ng Kabataan Partylist na nagrarali naman sa Magay Public Market sa Zamboanga City ay pilit itinaboy ng mga pulis at pinagbantaang poposasan kung hindi aalis.

Sa Quezon, ginipit ng mga pulis ang mga magsasaka at kanilang mga tagasuporta na nagsasagawa ng *mobile propaganda* sa Barangay San Jose, Gen. Luna. Kinuhanan ng mga litrato at bidyo ang mga aktibista at inagaw ang *cellphone* ng isa sa kanila.

Iligal na pag-aresto. Sinampahan ng gawa-gawang kasong rebelyon si Maria Theresa Cabales, 61, matapos siyang iligal na arestuhin ng mga ahente sa paniktik ng PNP at AFP dahil umano sa paglahok sa opensiba ng BHB noong 2017. Inaresto siya sa Molo, Iloilo noong Hunyo 8. Si Cabales ay organisador at istap ng Alliance of Concerned Teachers-Western Visayas. Inaresto siya sa Tanza-Timawa Village sa Iloilo City.

Sa Bohol, iligal na inaresto nitong Hunyo 17 si Pedro Lumantas, 54, isang dating bilanggong pulitikal, habang nagpapagamot sa Ramiro Memorial Hospital sa Tagbilaran City, Bohol. Sinampahan siya ng gawa-gawang kaso ng *attempted murder* at bantay-sarado ng mga elemento ng PNP-Bohol. AB

Mga protestang manggagawa, nagpapatuloy

Patuloy na sumisiklab ang mga protestang manggagawa sa kanilang kolektibong paggigiit para sa kasiguruhan sa trabaho, makatarungang sahod at iba pang karapatan. Nitong nakaraang mga linggo, naglunsad ng mga pagkilos ang ilang unyon at asosasyon na umaani ng suporta mula sa iba pang manggagawa.

Sa Muntinlupa, nagprotesta ang mga manggagawang kontraktwal sa tarangkahan ng pabrika ng Pepsi sa Tunasan, noong Hunyo 14, 2018. Tinanggal ng Pepsi Cola Philippines Products, Inc. (PCPPI) ang mahigit isanlibong kontraktwal at kaswal na manggagawa matapos umanong ipasara ng guberno ang anim na balon ng tubig sa loob ng pagawaan noong Hunyo 11.

Pinangunahan ng Pepsi Cola Workers Association, grupo ng mga kontraktwal na manggagawa, at Kilusang Mayo Uno-Metro Manila ang naturang protesta. Sigaw nila na agarang ibalik ang mga manggagawang tinanggal.

Nagpahayag ng pagdududa ang Defend Jobs Philippines at Solidarity of Labor for Rights and Welfare (SOLAR) hinggil sa “deep-well mess” na ginamit ng PCPPI bilang dahilan upang hindi makapagtrabaho ang mga manggagawa. Ayon sa grupo, hakbang ito para bigyang daan ang buong pagsasakatuparan ng “Project Genesis” o ang matagal nang plano ng PCPPI na isara ang planta nito sa Muntinlupa at pawiin ang umiiral na unyon ng manggagawa, ang Pepsi Cola Labor Union (PCLU).

Nagpiket-protesta naman ang mga manggagawa ng Monde Nissin Corporation noong Hunyo 12 para ilantad at labanan ang laganap na pagpapatupad ng kumpanya ng kontraktwalisasyon sa pormang *labor-only contracting*.

Sa Laguna, nagsagawa ng aksyong protesta ang mga kontraktwal na manggagawa ng Aichi Forging Co. noong Hunyo 15. Iginiit nila na ipatupad ang desisyon ng DOLE Region 4A na gawin silang regular. Pahayag ng mga manggagawa na magtutuluy-tuloy ang kanilang mga aksyong protesta hanggang humanatong ito sa welga.

#Hindipendence Day. Mahigit isang libo ang dumalo sa kilos protesta sa araw ng huwad na kalayaan na pinangunahan ng mga progresibong grupo sa iba't ibang bahagi ng bansa. Pinakatampok dito ang protesta sa harap ng embahada ng US, sa Chinese Consulate at sa Bonifacio Shrine sa Maynila.

Pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) ang protesta sa Chinese Consulate sa Makati. Kinundena nila ang patuloy na panghihimasok ng China sa

teritoryo ng Pilipinas, panggigipit ng Chinese Coast guard sa mga mangingisdang Pilipino sa Scarborough Shoal at ang kawalang aksyon dito ng administrasyong Duterte. Kinundena rin nila ang pahayag ni Harry Roque, tagapagsalita ng presidente, na “pagmamagandang-loob” ang pag-aabot ng *noodles* at tubig sa Pilipinong mga mangingisda kapalit ng kinumpiskang mga isda ng mga Chinese Coast guard na nakapwesto sa dagat na saklaw ng teritoryo ng Pilipinas.

Matapos nito, tumungo ang mga nagprotesta sa US Embassy at Bonifacio Shrine sa Maynila. Binatikos nila ang panghihimasok ng militar ng US sa Pilipinas at ang patuloy na pagtatayo ng base militar sa bansa. Binatikos din nila ang di-pantay na mga kasunduan tulad ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) at Visiting Forces Agreement (VFA).

Naglunsad naman ng raling iglap ang Bayan-Southern Tagalog sa Kawit, Cavite. “Hunyo a dose, huwad na kalayaan,” “Duterte traydor,” ito ang sigaw nila sa kalagitnaan ng talumpati ni Duterte sa Aguinaldo Shrine. Hinuli't kinasuhan si Francis Rafael, isa sa mga nagprotesta, ng *interrupting public order*.

Nagkaroon din ng katulad na mga protesta sa Zamboanga City, Cebu City at Davao City. AB

2 piket ng mga manggagawa, binuwag

MARAHAS NA BINUWAG ng mga pulis ang itinayong piket ng mga manggagawa sa NutriAsia sa Marilao, Bulacan noong Hunyo 14. Alas-6 pa lang ng umaga, nagsimula nang dumating ang ipinadala ni PNP Bulacan Provincial Director Chito Bersaluna (dating hepe ng PNP Caloocan na sangkot sa maraming kaso ng *ala-tokhang* na pamamaslang, kabilang kay Kian delos Santos) na mahigit 200 pulis mula sa Marilao at Meycauayan, kabilang ang mga SWAT at mga trak ng bumbero.

Sinimulang buwagin ng mga pulis ang welga bandang ala-una ng hapon. Tinangkang depensahan ng mga manggagawa ang kanilang pi-

ketlayn sa pamamagitan ng pagdapa, ngunit pinagpapalo at pinosasan sila ng mga pulis. Isa sa kanila ang dinala sa gilid, binug-



bog at tinutukan ng baril ng mga pulis at gwardya, at inumangan ng kutsilyo sa leeg.

Limang manggagawa ang nagtamo ng malulubhang tama sa ulo, maliban pa sa ilampung nasaktan sa pamamalo ng batuta, pagsakal at pambubugbog. Inaresto rin ang 23 iba pa, kabilang ang ilang tagasuporta ng welga at kinasuhan ng pananakit. Hindi sila pinayagang mabisita. Pinagbantaan din ang mga estudyanteng mamamahayag na nagdodokumento ng pandarahas.

Sa Laguna, binuwag ng PNP Biñan sa pamumuno ng isang Col. Maclang at mga gwardya ng Laguna Technopark noong Hunyo 16 ang itinayong mga kubol ng Pinag-isang Lakas ng Manggagawa (Piglas-Ind) sa Middleby Philippines Corporation na mahigit isang buwan nang naka-sit-down strike. Binaklas ng mga pulis at gwardya ang ikinadenang tarangkahan, at kinuryente ang mga manggagawa gamit ang taser. Inaresto din sina Rodel Moruta, tagapangulo ng Piglas, at Mia Antonio, ang kalihim ng asosasyon. Ang pandarahas ng PNP ay tugon sa matagumpay na pagkakakontrol ng mga manggagawa sa tarangkahan noong Hunyo 14 upang matanggap nila ang suportang pagkain mula sa mga unyon at asosasyon sa mga karatig-pabrik. AB

Iniraratsadang proyekto sa CGC, kontra-mamamayan

Iniraratsada ngayon ng rehimeng Duterte ang pagtatayo ng multimilyong Philippine Olympic City sa loob ng Clark Special Economic Zone para sa gaganaping Southeast Asian Games sa bansa sa 2019. Ang naturang proyekto ay itinatayo sa nakalaang 207-ektarya na nakatakdang latagan ng National Government Administrative Center (NGAC) sa ilalim ng proyektong Clark Green City (CGC). Ang CGC na dating nakapaloob sa programang Public-Private-Partnership ng rehimeng Aquino ay ipinagpapatuloy ngayon ng rehimeng Duterte sa ilalim ng programang Build, Build, Build.

Pagyurak sa buhay at kabuhatan ng mga magsasaka, katutubo at residente ang dala ng Philippine Olympic City, gayundin ng CGC, ang ipinagmamalaking “proyektong pangkaunlaran” na sasaklaw sa halos 10,000 ektaryang lupa sa loob ng dating base militar ng US sa Pampanga at Tarlac. Palalayasin ng proyektong ito sa kanilang lupang ninuno ang hindi bababa sa 20,000 katutubong Aeta, gayundin ang halos 30,000 sa kanilang mga sakahan. Kabilang sa mga sasaklawin ng CGC ang mga barangay ng Maruglu, Aranguren, Bueno, O’Donnell, Sta. Lucia, Sta. Juliana, Lawy, at Cutcut 2 sa Capas, at Sto. Niño, San Vicente, San Nicolas, Anupul, at ang Sacobia Area sa Bamban.


Malaon nang dinarahas ng estado ang mga magsasaka at katutubo para sapilitan silang mapalikas sa kanilang mga komunidad. Noong Nobyembre 2014, pinagbawalan ng 56th IB ang mga residente na magbungkal ng kanilang lupang sakahan, magbaba ng kanilang mga kalakal na pananim, at magakyat ng mga gamit para sa konstruksyon ng kanilang bahay. Dahil dito, dumulong sa mga progresibong kongresista ang mga residente mula sa 13 sityo para pigilan ang noo’y ipinapanukala pang pagpapalit-gamit ng lupa (*land use conversion*).

Noong taon ding iyon, naglunsad ng isang International Fact-Finding Mission (IFFM) sa pangunguna ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at Asian Peasant Coalition para alamin ang kalagayan ng mga re-

sidente sa naturang mga barangay.

Pinasinungalingan ng IFFM ang pahayag ng Bases Conversion and Development Authority (BCDA), ang ahensyang nangangasiwa sa pagpapalit-gamit ng mga lupaing saklaw ng CGC, na layon diumano ng proyekto na gawing hitik sa oportunidad ang mga dating liblib na bahagi ng Clark Air Base. Ayon sa ulat, sasaklawin ng proyekto ang libu-libong ektaryang lupang ninuno at sakahan na ligal na pagmamay-ari na ng mga residente. Ang mga katutubong Aeta at mga magsasaka rito ay ginawaran mismo ng estado ng *certificate of ancestral domain title* (CADT) at *mga certificate of land ownership award* (CLOA) sa ilalim ng huwad na programang reporma sa lupa.

CLARK GREEN CITY



Sa mga komunidad, walang ibinibigay ang reaksyunaryong gubyrno na anumang suporta sa pagsasaka at kulang-kulang ang mga imprastruktura para sa mga batayang serbisyong panlipunan gaya ng mga kalsada, pampublikong paaralan, klinika at sistema ng transportasyon.

Sa kabila ng kapabayaang estado, pinanatiling produktibo ng mga residente ang mga lupaing ito. Pangunahing hanapbuhay dito ang pagsasaka ng palay, mais, tubo; mga prutas gaya ng mangga, saging, santol, bayabas, guyabano, abogado, niyog; at mga halamang-ugat gaya ng kamoteng kahoy at ube. Dito rin nangangaso at gumagawa ng uling ang mga residente.

Nilatagan na ang mga sakahan ng kalsada para sa CGC—7 kilometrong MacArthur Access Road at 16 kilometrong Bamban-Capas Access Road. Kabilang sa mga sinaklaw ng mga kalsada ang Barangay Aranguren sa Capas. Noong 2015, pinasok ng mga upisyal ng BCDA at elemento ng CAFGU at 70th IB ang naturang barangay, pinagbantaan ang mga residente na palalayasin, at pilit na pinapirma sa mga kontrata na magtatanggal sa kanilang karapatan sa lupa kapalit ng salapi. Tinanggihan ng mga residente ang alok at mariing nilabanan ang mga hakbang ng estado para kamkamin ang kanilang lupa. Sa kabila nito, sapilitan pa ring pinasok at binuldoser ng Lead Way Company sa utos ng BCDA at ni Capas Mayor Gideon Salak ang mahigit 1,000 metro-kwadrang taniman ng palay sa naturang barangay noong 2016.

Ayon sa mga residente, ang nagpapatuloy na pandarahas at pagwasak sa mga pananim at kabuhayan ay mga desperadong hakbang para supilin ang kanilang paglaban sa kontra-mamamayang proyekto na ito.

Para pa rin sa dayuhan

Deka-dekada nang pinapakinabangan ng mga dayuhan, katuwang ang reaksyunaryong estado ang

mga lupaing kinakamkam ng BCDA. Noong 1903, itinayo dito ang base militar ng US at nanatili ang kanilang mga tropa at gamit sa loob ng 88 taon. Nang isinara ang mga base militar noong 1991, isinama sa 36,000-ektaryang espesyal na sonang pang-ekonomya para sa mga dayuhang kapitalista ang kanilang mga lupain. Ngayon naman ay gagamitin ang kanilang mga lupa para sa imprastruktura ng estado, kabilang ang NGAC kung saan kasalukuyang itinatayo ang mga pasilidad na gagamitin para sa gaganaping Southeast Asian Games sa 2019.

Ayon pa sa Aeta Tribal Association, ang pinakamalawak na alyansa ng mga katutubo sa Tarlac, “tanging mga dayuhang korporasyon ang makikinabang sa CGC at hindi ang mga mamamayan. Ito ay isang dambuhalang halimaw na wawasak sa kabuhayan, tirahan at kultura ng mga katutubo.”

Para makapanghikayat ng mas maraming pamumuhunan at marat-sada ang pagsasakatuparan sa proyekto, isinasailalim ang paggagawad ng mga pampublikong kontrata sa iskemang *joint venture* kung saan binibigyan ng mas mataas na sapi (o porsyento ng pagmamay-ari at kontrol sa lupa at proyekto) ang mga pribadong pamumuhunan kay sa gubyrno. Binibigyan din ng samu’t saring insentibong piskal at dipiskal ang mga negosyong itatayo rito, gaya ng pagpapataw ng mas mababang buwis o maging ng eksempson sa pagbubuwis, at ng 100% na pagmamay-ari ng mga dayuhang kumpanya. Dahil dito, naglalaway at nag-uunahan ang mga dayuhang kumpanya at kanilang mga lokal na kasosyo sa paghahapag ng kani-kanilang proyekto para sa CGC.

Ang kontrata para sa NGAC ay iginawad ng rehimen sa MTD Capital Berhad, isang kumpanyang Ma-



laysian, sa ilalim ng iskemang *joint venture agreement* (JVA) na may 90-10 hatian sa sapi pabor sa kapitalista. Pinirmahan din noong Mayo 23 ang isang kontrata kung saan nagkasundong gagarantiyahan ng gubyrno ang pangungutang ng AlloyMTD Philippines Inc, lokal nitong subsidiyaryo, ng Php9.5 bilyon sa kabuuang P13 bilyong pondo na kailangan para iratsada ang konstruksyon ng NGAC.

Tatlong malalaking proyektong pang-imprastruktura sa ilalim ng Build, Build, Build ang inirratsada ng rehimen para tumuwang sa CGC—ang pribatisasyon at pagpapalawak ng Clark International Airport, ang pagtatayo ng PNR North 2 (Malolos-Clark Airport-Clark Green City Rail) at Subic-Clark Railway Project na popondohan ng daan-bilyong pisong pantang mula sa Japan at China.

Ibinigay naman ng rehimeng Aquino noong 2016 ang 288-ektaryang lupain sa CGC sa Filinvest Land, Inc. sa ilalim ng isang JVA na may 55-45 hatian sa sapi, pabor sa kapitalista.

Tulad sa nakaraan, inaasahang gagamitin ang CGC bilang pook alihawan ng mga Amerikanong tropang militar na maglalagi sa kanugnong nitong Clark Air Base at Crow Valley Gunnery Range (Col. Ernesto Rabina Air Base) sa ilalim ng nagpapatuloy na Balikatan Exercises. **AB**

Tagumpay laban sa Jalaur Megadam Project

PANSAMANTALANG NAIPATIGIL ang konstruksyon ng multibilyong Jalaur River Megadam Project sa Barangay Agcalaga, Calinog, Iloilo. Resulta ang tagumpay na ito ng mamamayang Tumandok at ng mga kapanalig nila nang magpasya ang Korea Export-Import Bank (EXXIM) at kontraktor na Daewoo Engineering and Construction na walang konstruksyon sa buwan ng Hunyo.

Noong Abril, nagpadala ng delegasyon ang organisasyong TUMANDUK sa South Korea at nakipag-usap sa mga upisyal ng EXXIM at Daewoo. Ang pagtigil sa proyektong mega dam ay dahil wala pa namang nilagdaang kontrata at wala pang naibigay na pondo ang EXXIM sa harap ng mga isyu ng pagkasira ng kalikasan at malakas na pagtutol ng mga katutubo partikular sa 16 barangay ng Calinog. Dagdag pa nito, nabalitaan ng EXXIM at Daewoo na nilabag ng National Irrigation Administration (NIA) ang karapatan ng Tumandok.

Bilang reaksyon, desperado ang naging mga hakbang ng NIA at lokal na guberno ng Calinog. Nagpasa ng isang resolusyon ang lokal na guberno noong Mayo 8 na nagdeklarang “persona non grata” o hindi matatanggap at makapamalagi sa Calinog ang tatlong delegado ng Jalaur River for the People Movement (JRPM) kabilang si Remia Castor. Noong Mayo 10, isang upisyal ng NIA ang pumunta sa barangay kapitan ng Alibunan na may dalang dokumento at sinabing hindi dapat manalo si Castor bilang kagawad ng kanilang barangay.

Maaalalang sustenido ang pagtutol ng mamamayan laban sa P11 bilyong proyektong Jalaur River Megadam laluna nang ipinagbawal ng Department of Environment and

Natural Resources (DENR) at lokal na guberno ang pagkakaingin gayong wala naman silang alternatiba. Bandang huli, napilitang i-atras ng DENR at lokal na guberno ang kanilang patakaran.

Pan-ay River Megadam. Samantala, habang nagbubunyi ang mamamayan ng Calinog, nakaharap naman ngayon sa posibleng paglubog ng kanilang mga baryo ang mamamayang naninirahan sa Pan-ay River sa Tapaz, Capiz dahil sa nakaambang konstruksyon ng isang mega dam. Imbwelto sa proyektong ito ang panlalawigang guberno ng Capiz, NIA, National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) at DENR.

Nitong huli, inanunsyo ni Regional Director Jose Roberto Nuñez ng Office of Civil Defense na binigyan na ang proyekto ng Environment Compliance Certificate (ECC). Kaya, ang susunod nito ay ang pagdedetalye ng pinaplanong proyekto. Gayunman, kinukwestyon ito ng organisasyong TUMANDUK dahil hindi pa anila natapos ang pag-aaral at ang pagkuha ng pahintulot ng mga katutubo sa pamamagitan ng *free, prior and independent consent* o FPIC-1 at FPIC-2.

Nangangamba ang mamamayan ng Capiz sa magiging pinsala ng proyekto. Ayon sa Bayan-Capiz, dahil sa mega dam, magiging malala ang pagbaha tulad sa nangyayari sa Metro-Manila at noon sa Ormoc, Leyte. Ang planong mega dam at eko-turismo sa ilog ang siyang gigiba at magdidisloka sa kabuhayan ng mamamayan.

Bahagi ng P22-25 bilyong programang Build, Build, Build ni Duterte ang Panay River Basin Integrated Interdevelopment Project.

Makasaysayang mga dokumento ng PKP, inilabas

INILABAS NG KOMITE SENTRAL ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang mga dokumentong *Konstitusyon ng Partido Komunista ng Pilipinas at Programa para sa Pambansa Demokratikong Rebolusyon* (PPDR). Iniluwal ang dalawang dokumentong ito ng Ikalawang Kongreso ng PKP na ginanap noong ikalawang hati ng 2016.

Nahahati ang Konstitusyon sa 13 bahagi, kabilang ang Preamble at iba pang mahahalagang artikulo. Inilahad ng PKP ang pinakamahalagang tungkulin nito ng paglalapat ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kongkretong kalagayan ng Pilipinas at pagsasanib niyon sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino. Tiwala ang PKP na maipagtatagumpay nito ang demokratikong rebolusyong bayan dahil lumalakas ang mga rebolusyonaryong pwersa habang nagpapatuloy at di-malutas ang lokal na krisis panlipunan, at nasa estratehikong paghina naman ang imperyalismong US.

Inilatag naman sa PPDR ang tungkulin ng bawat rebolusyonaryo: Kamtin ang Pambansang Kalayaan at Demokrasya at Hawanin ang Landas tungo sa Maa-liwalas na Sosyalistang Kinabukasan. Tungo rito, tinukoy ng PPDR ang partikular na mga tungkulin sa mga larangan ng pulitika, ekonomya, militar, kultura at ugnayang panlabas. Binaybay din sa dokumento ang mga tagumpay ng PKP, ang ugnayan nito sa armadong rebolusyon at nagkakaisang prente, at pag-asa sa sariling lakas at pagtanggap sa internasyunal na suporta. Naglahad din ito ng makabuluhang kritiko sa malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Makukuha ang mga dokumento sa www.philippinerevolution.info.



Pagpupulong ng US-DPRK, idinaos

Makasaysayang naidaos ang unang pagtatagpo at pagpupulong ng mga punong kinatawan ng US na si Donald Trump at ng Democratic People's Republic of Korea (DPRK) Chairman Kim Jong-un noong Hunyo 12 sa Singapore. Naganap ang pagpupulong matapos ang mahabang panunulsol ng gera ng US laban sa Korea at sa kabuuan ng Asia.

Nagresulta ang pagpupulong ng pinag-isang pahayag na naglalaman ng pangako para sa denukleyarisasyon (pagwawasak ng mga armas nuklear) sa buong peninsula ng Korea kapalit ng mga pangakong panseguridad ng US. Nagkasundo ang dalawang lider na simulan ang “bagong yugto” ng relasyong US-DPRK at isusunod ang iba pang mga pagpupulong. Sa mismong pagpupulong, nangako si Trump na ititigil ang malakihang pagsasanay militar sa pagitan ng US at South Korea bilang panimulang hakbang.

Sa sumunod na mga araw, isinuspinde ni Trump ang Ulchi Freedom Guardian, isa sa pinakamalaking pagsasanay militar sa pagitan ng US at South Korea, na nakatak-dang ilunsad sa katapusan ng Hulyo.

Napilitang makipag-usap si Trump sa DPRK sa harap ng mata-tag na paninindigan ng mamamayang Korean para sa muling pag-iisa at kapayapaan sa kabila ng tuluy-tuloy na agresyon at panggigipit sa ekonomya. Bago nito, naganap ang makasaysayang pakikipagkita at pakikipagkasundo ni Kim Jong-un at Moon Jae-in ng Republic of Korea (ROK o South Korea) sa hangganan ng dalawang bansa. Nagresulta ito sa Deklarasyon ng Panmunjeom, na naglatag sa programa ng denukleyarisasyon ng dalawang Korea.

Bago at matapos ng pakikipagkita kay Trump, nakipagpulong din si Kim Jong-un sa presidente ng China na si Xi Jinping para sa pagpapalakas ng komersyo at relasyong kalakalan ng dalawang bansa.

Isinusulong ng DPRK ang mit-hiin ng mamamayan ng Korea para wakasan ang digma na inilunsad ng US laban dito noong 1951 na kumitil

sa 600,000 sibilyan at 400,000 sundalo nang sakupin nito ang DPRK.

Mula noon, mahigpit na kinontrol ng US ang armadong hukbo ng South Korea habang nagmamantine ng malaking bilang ng mga tropa sa hangganan ng dalawang bansa. Tuluy-tuloy itong naglulunsad ng malakihan at mapang-upat na mga pagsasanay militar. Noong 2017, inilunsad ang Ulchi Freedom Guardian na nilahukan ng 17,500 tropang Amerikano at 50,000 na mga sundalong Koreano. Inilunsad din ang Foal Eagle and Max Thunder Drill. Sa kabuuan, nasa 28,500 tropang Amerikano ang nakabase sa South Korea sa kasalukuyan, maliit na bahagi ng nasa buong rehiyon ng Asia.

Sa harap ng tuluy-tuloy na banta ng agresyon, lumikha at nagpaunlad ang DPRK ng mga armas at kagamitang nuklear para depensahan ang sarili. Batid ng DPRK na ang US ang may pinakamalaking arsenal ng mga armas nuklear sa buong mundo. Mayroon itong 9,200 armas nuklear, liban pa sa 2,126 aktibong armas nuklear na nakapwesto sa iba't-ibang panig ng daigdig. Ginagamit ito ng US para iwa-

siwas ang kapangyarihang militar sa buong mundo.

Ang pagharap ni US President Trump kay Kim Jong-un, sa kabila ng dominasyong militar nito sa Asia, ay patunay ng hindi maitatangging lakas at tibay ng mamamayan ng Korea para sa pagtatanggol sa soberanya, at ang paglaban sa agresyon at panggigipit sa ekonomya.

Ang matagumpay na *summit* sa pagitan ng DPRK at Estados Unidos ay nagbubungad ng unti-unting paghupa ng girian sa Korean Peninsula. Nagbubukas rin ito ng tuluyang pagwawakas sa blokeyo sa ekonomya na ipinataw ng imperyalistang US sa DPRK simula pa noong 2008. Gayundin, idinulot nito ang posibilidad ng pagbubukas ng maa-yos na relasyon ng Japan sa DPRK, isa muling tuntungan sa pagkilala ng soberanya ng DPRK.

Sinusuportahan ng mga mamamayan at ng rebolusyong kilusan sa Pilipinas ang patuloy na pakikibaka ng mamamayang Korean para sa muling pag-iisa ng buong Korean Peninsula at pangmatagalang kapayapaan.

Bahagi ito ng unti-unting pagpapahina sa kawing ng imperyalistang US sa buong Asya-Pasipiko at pagkamit ng pangmatagalang kapayapaan para sa mamamayan ng daigdig. AB

